# 1

"I'm sorry, Felix," sabi ni Lourdes sa lalaki sa kanyang harapan. Laking pasalamat niyang nakapagitan sa kanilang dalawa ang kanyang office table. "Gaya ng sabi ko na dati, hindi talaga puwede." Iniurong niya papalapit rito ang pumpon ng bulaklak na alay nito.

Ipinaraan ng binata ang kamay sa buhok. "I don't see what the problem is, Des," naiinis nitong sabi. "You're single, I'm single. Wala namang ibang nanliligaw sa 'yo. Eh, bakit hindi puwede? Wala naman akong putok o bad breath, ah."

Bumuntong-hininga siya. Ilang buwan nang nanliligaw si Felix sa kanya. At kahit ilang milyong beses na niyang sinabi ritong hindi siya interesado, hindi pa rin ito sumusuko. She had to give him credit for trying, though. But unfortunately, that was not enough to make her say yes to him.

"Dahil makulit ka, sasabihin ko na ang totoo. There can never be anything between us, because I'm in love with someone else."

Napaismid ang lalaki. "Gawa-gawa mo lang

yata ’yan, eh. Wala naman akong nakikitang ibang lalaking dumidiskarte sa ’yo, ah.”

Isang malungkot na ngiti ang nabuo sa bibig ni Lourdes. “Sana nga, pantasya ko lang siya,” napabuntong-hiningang aniya. It would really be much easier kung hindi nakatali ang kanyang puso sa iba. “Hindi talaga mapipilit ang puso,” patuloy niya. “It’s nothing personal, Felix. Gan’un lang talaga. Pero okay ka naman, eh. I’m sure you’ll find someone better than me.”

The guy looked defeated, but understanding and acceptance were written on his face. Nabasa nito kung gaano siya kaseryoso. “Masuwerte ang lalaking iyon kung sino man siya,” payak nitong sabi. “I hope deserve ka niya.” Kapagkuwan ay idinagdag nito, “Pero isa rin siyang malaking tanga. If I had a girl like you in my life, babakuran na kita para walang makalusot na iba.”

Nilunok ni Des ang bara sa kanyang lalamunan. Ang ipininta ni Felix ang talagang pangarap niya. Pero mukhang malabo iyong mangyari. Because she had not seen the man who had stolen her heart in more than two years.

“Thanks for understanding, ha,” piyok niya. Kaya nga ba nahihiya siyang sabihin dito ang tunay na

dahilan. She sounded like a fool for loving someone who was not even around.

Tumayo ito at nagpaalam. "Sige, Lourdes. Hindi na kita gagambalain pa."

"We can still be friends," alok niya. But her suggestion sounded hollow to her own ears.

Tumango ito. "Oo, naman. Sa ayaw mo man o sa gusto, magkikita pa rin talaga tayo rito."

Lourdes felt relieved when she saw the corners of his mouth curl up in a pale smile. Mukhang hindi naman dinamdam ni Dr. Felix Santiago ang kanyang pambabasted. Ikinagagalak niya iyon dahil gaya ng sabi nito, magkikita at magkikita talaga sila sa *Holy Angels Foundation*, kung saan nagtatrabaho siya bilang Head Social Worker at kung saan nagbo-volunteer naman ito bilang pediatrician.

Loving Felix should be a breeze. Nasa binata na ang lahat. Maykaya, matalino, guwapo at napakabait. Subalit walang mahika sa pagitan nilang dalawa, dahil hindi talaga niya mabura sa kanyang isipan ang mga nangyari noon.

Bumalik ang gunita niya sa araw na parang lindol na yumanig sa tahimik niyang buhay. Ang araw na iyon na may dalawang taon, limang buwan, tatlong

linggo at tatlong araw na ang nakalilipas. Ang araw na nagbago sa takbo ng kanyang kapalaran. Ang araw na nakilala niya si Martin….

TWO YEARS AGO…

Tila nag-aalboroto ang gabi sa lakas ng huni ng hangin dahil sa unos na biglang dumating. Nakalatag ang karimlan sa paligid dahil naglaho pati ang kuryente. Ayon sa lumang de-bateryang transistor radio nila, signal number three raw ang dumating na bagyo.

Sa bakuran ng kumbento ng *Missionaries of Mary*, sa San Joaquin, Batangas, maliit na gasera at ilang kandila lamang ang tumatanglaw sa mga madreng sama-samang naghahapunan sa maliit nilang komedor.

“Siguradong babahain na naman ang mga nakatira sa tabing-ilog sa bayan, kapag hindi tumigil ang ulan buong magdamag,” ani Mother Sabina, ang superiora. “Mas mabuti kung matulog tayo nang maaga at pihadong kailangan nila ng ating tulong bukas. Ihanda n’yo na rin ang mga kumot at ibang gamit na dinadala natin sa munisipyo kapag lumilikas doon ang mga nasasalanta ng bagyo. Pati

mga sobrang de-lata, dalhin natin doon."

Nagsitango ang mga madreng kausap nito. Dali-dali silang nagsipagtapos ng pagkain at naghandang kumilos para kunin ang mga kakailanganing gamit kinabukasan. Nagtulong-tulong din sila para iligpit ang kanilang mga pinagkainan.

Hindi nagtagal, nagsipasok na ang iba sa kani-kanilang mga silid. Tanging si Sister Lourdes na lamang ang naiwan sa ibaba, dahil naatasan siya ng superiora para tiyakin kung sarado at nakakandado ang lahat ng mga bintana't pinto.

Hirap na hirap siyang ipinid ang isang malaking bintana sa may dakong likuran. Dahil nabasa ito, parang namaga ang mga kahoy at ayaw maglapat ng ilang bahagi sa tagiliran.

Tiyempo namang lumabas ang nobisyadang si Agnes galing banyo at nakita siyang nakikipagbuno sa bintana. Lumapit ito para tulungan siya. Malapit na sana nila itong maisara, nang mula sa labas ay nakarinig nila ang sunud-sunod at malalakas na kalabog.

Nagkatitigan sila; pawang maputla ang mga mukha.

"Ano kaya iyon?" bulong niya.

“Baka multo,” nangangatog na sagot ni Agnes. Halos magkasing-edad lang sila nito, pero hindi pa ito ganap na madre dahil kapapasok lamang nito sa kumbento.

Natawa si Lourdes. At iyon din ang nag-alis ng kaba sa kanyang dibdib. Pinisil niya ang balikat nito para pakalmahin.

“Ano ka ba naman, Ag? Twenty-four ka na. Naniniwala ka pa ba sa mga ganyan? Para ka namang hindi nagbabasa ng Bibliya?” biro niya.

“Tao lang po,” kibit-balikat nitong sambit. “Eh, sadyang matatakutin at magugulatin talaga ako, dati pa. Kasalanan ko ba kung mapaglaro ang imahinasyon ko?”

“Sige, isara na natin itong bintana at ako na’ng bahalang tumingin kung ano’ng ingay na iyon,” aniya.

Nang maisara nga iyon, kapagdaka ay binuksan ni Lourdes ang pinto at sumungaw siya nang bahagya sa labas para tingnan kung saan galing ang ingay.

Agad niyang isinara ang pinto para hindi mabasa ang looban. Maski ang mukha niya at abito ay bahagyang natilamsikan ng malakas na ulan. Mayamaya ay narinig na naman nila ang mga

kalabog.

“Ano iyon?” usisa ni Agnes na nakakunot ang noo at nakatayo sa kanyang likuran.

“Hindi ko alam,” aniya. “Hindi ko maaninag dahil masyadong madilim sa labas. Tantya ko, parang galing ang ingay sa bodega sa likuran.”

Naglakad siya patungong hagdanan.

“Ano’ng gagawin mo?” ani Agnes na parang aninong bumuntot sa kanya.

“Hay naku, Ag, matulog ka na. Maaga pa ang alis natin bukas,” aniya habang patuloy pa rin sa paglalakad.

“Ano’ng gagawin mo, Des?” urirat nito, na para bang hindi narinig ang sinabi niya.

“Kukuha ako ng payong, kapote at flashlight sa kuwarto ko. ’Tapos, bababain ko muli ang bodega.”

Hinawakan nito ang balikat niya. Kapwa sila tumigil sa paglalakad. “Sigurado ka bang kaya mo mag-isa?” May bahid ng pangamba sa mga mata nito.

Na-touch si Lourdes sa concern ng nobisyadang itinuturing niyang matalik na kaibigan. Ngumiti

siya. "Oo naman. Kakampi ko kaya si Lord."

"Ikaw talaga," sabi nito, "nakuha mo pang magbiro."

"Totoo naman ang sinabi ko," nakangiting aniya, labas ang biloy sa magkabilang pisngi. "Ikaw naman, namemerhuwisyo na nga ang panahon, pati ba rin tayo makikisalo pa? Sige na, matulog ka na't maaga pa ang gising natin. Kaya ko nang mag-isa ang bodega."

"Sure ka, ha?" anitong nakakunot ang noo.

"Oo. Pihadong bintana lang iyon na pinaglalaruan ng hangin. And besides, sa akin rin naman inutos ni Mother Sabina na siguraduhing nakatrangka ang lahat."

Nakasimangot si Agnes at hindi pa rin kumilos. Wala na siyang ibang nagawa kundi itulak ito sa balikat patungo sa silid nito, na katapat lang ng sa kanya. "Dali na, Ag, p'asok na. Alangan namang magpakabasa pa tayong dalawa."

Wala na itong nagawa kundi pumasok sa silid nito at isara ang pinto.

MATAPOS ang ilang minuto, bumaba si

Lourdes suot ang kapote, bitbit ang isang payong sa kaliwang kamay at flashlight naman sa kanan. Ni walang buwan o kahit anong bituin sa langit kaya napakadilim sa paligid.

Wala pa si Lander sa kalagitnaan ng daan patungong bodega nang muntik liparin pabaligtad ang kanyang payong dahil sa lakas ng hangin. Ipinagpasya niyang isara na lang ito at iwan sa tabing daan dahil mas lalo siyang nahihirapang lumakad dahil doon.

Laking pasalamat niya na heavy duty ang flashlight na ibinigay sa kanya ng kanyang magulang. Mukhang balewala rito ang mabasa ng tubig. Laking kamalasan naman kung mamatay ito at maiwan siya sa kalagitnaan ng dilim na parang isang basang sisiw.

She shuddered at the thought of being left alone in the dark. Binilisan niya ang mga hakbang patungong bodega. Binuksan niya ang pinto at lumangitngit iyon. Parang may kung anong kumiliti sa kanyang batok. Kahit alam niyang wala siyang dapat ikatakot dahil taguan lamang naman nila iyon ng lumang kagamitan, hindi niya mapigilan ang mabilis na pagtibok ng kanyang pulso.

Bumuntong-hininga si Lourdes at ipinalibot

sa paligid ang liwanag ng flashlight, para hanapin ang may gawa ng ingay. Agad naman niya itong natunton. Isa ngang bukas na bintana sa tagiliran na dali-dali niyang isinara.

Tumalikod siya at humakbang na pabalik sa kumbento nang makarinig siya ng kakaibang ungol.

Napatigil si Lourdes sa paglakad. Halos mabitawan niya ang flashlight sa sobrang takot. Tila tumayo ang buhok niya sa kilabot. Ano ang ingay na iyon?

At tila nananadya, muli niyang naulinigan ang kakaibang tunog.

Sumagi sa isip niya ang sinabi ni Agnes na baka multo iyon.

Nanuyo ang kanyang lalamunan. Pero agad din niyang itinaboy sa isip ang ideyang ito. Tama ang sabi niya sa kaibigan, ang mga matatag ang paniniwala sa Maykapal ay hindi dapat maniwala sa ganoong kababalaghan.

Humugot siya ng hininga at hinarap ang pinanggagalingan ng mga ungol. Hindi iyon gawa ng hayop kundi ng isang tao. May nakapasok sa loob ng bodega!

Sa naisip niyang iyon, biglang gumapang ang hilakbot sa buo niyang katawan. May kasabihang, ‘Huwag kang matakot sa multo, kundi sa buhay na tao dahil kaya ka nitong saktan.’

Napalunok si Lourdes. Naisip niyang kumaripas ng takbo, pero kung anong puwersa ang nag-udyok sa kanyang hanapin ang pinagmumulan ng ungol. Nilakasan niya ang kanyang loob at itinutok ang flashlight sa dakong pinag-uugatan niyon.

Gumuhit ang liwanag sa gawing likuran ng bodega. Tantya niya, sa gawi roon nagmumula ang ungol. Dahan-dahan siyang lumapit.

Nararamdaman niyang nahihirapan kung sinuman ang misteryosong estranghero dahil muli itong umungol. Kapagkuwan ay natunton ito ng ilaw. Nasa likuran ito ng lumang aparador—isa itong lalaking nakahandusay sa sulok.

Humakbang siya papalapit nang makasiguro at itinutok sa mukha nito ang flashlight. Nalaglag ang mga panga niya. Lalaki nga!

Tila wala itong malay at basang-basa ang mga damit. Ibinaba niya ang flashlight sa gawing katawan nito. Ang kamay ng mama ay nakatutop sa tagiliran ng tiyan. Napansin niyang basa iyon ng dugo.

Nangahas siyang lumapit para suriin itong mabuti, subalit biglang nagmulat ng mga mata ang lalaki. Para siyang namatanda sa kanyang kinatatayuan. Kumurap ang mama at muling umungol. Iyon ang nagbalik ng katinuan niya.

"Sino ka? Ano'ng ginagawa mo rito? Paano ka nakapasok sa bodega?" sunod-sunod niyang usig.

Nagmamakaawa ang mukha ng lalaki; halatang hirap na hirap. "Parang awa n'yo na ho, Sister," samo nito. "Nakikisilong lang po ngayong gabi."

Sa kulay kahel nitong damit, nahinuha ni Lourdes na ang lalaki ay isang takas na bilanggo. Sa pagkakaalam niya, may sangay nga ng kulungan ang bayan mga tatlong kilometro mula sa kanila. Pihadong pumuga ito mula roon.

"Duguan ka," aniya. "Kailangan mo ng doktor. Tatawagin ko ang Madre Superiora."

"Utang-na-loob, Sister. Maawa kayo," pakiusap ng lalaki. "Huwag n'yo pong ipaalam kahit kanino na narito ako.  Ayoko na pong bumalik sa loob. Aalis din ako bukas ng umaga."

"Pero may tama ka. Paano kung maubusan ka ng dugo?"

"Daplis lang ito. Hindi malalim."

"Pasensya ka na, pero hindi ka maaaring tumigil dito," mariin niyang sabi. "Tatawagin ko si Mother Sabina."

"Sister, nakikiusap ako. Aalis na lang ako. Huwag n'yo lang ipaalam sa iba na narito ako." Nagpumilit tumayo ang pusakal, sapo-sapo ang sugat. Ngunit hindi pa man ito tuluyang nakakatayo, muli itong napahandusay.

Umusbong ang awa sa puso ni Lourdes. Isinisigaw ng lahat ng matinong parte ng utak niya na isang masamang ideya ang lumapit sa lalaki ngunit wala siyang ibang nagawa kundi magmadaling tulungan ito, bago ito tuluyang bumagsak sa sahig. Pagsapo niya sa braso nito, para siyang napaso.

"Inaapoy ka ng lagnat!" bulalas niya. "Hindi ka puwedeng sumugod sa ulan. Mamamatay ka sa pulmonya." Tinulungan niyang umupo ang lalaki.

Ipinatong nito ang ulo sa tuhod, na para bang bitbit ang buong mundo sa balikat. Kapagdaka ay inangat nito iyon at hinarap siya. Nakita niya na puno ng luha ang mukha nito.

"Sister, mas gugustuhin ko pang mamatay sa ulan kaysa bumalik sa kulungan. Diyos ang higit na

may alam, wala akong kasalanan. Tumakas ako para linisin ang pangalan ko. You have to believe me."

Nagimbal siya sa isiniwalat nito. Lalo tuloy siyang naguluhan kung ano ang dapat niyang gawin. Alam niyang dapat abisuhan ang Madre Superiora. Pero sa kabilang banda, napuno ang puso niya ng habag para sa duguang lalaki. Parang nagsasabi ito ng totoo.

Sadyang maawain siya noon pa man. At ang malambot na puso na rin niya ang nag-uudyok sa kanya ngayon para tulungan ang lalaki. Kapansin-pansin, kahit na mukhang ilang buwan na itong hindi nagpapagupit o nag-aahit, na kagalang-galang ang dating nito. May pagkatisoy ito at makinis ang balat. Halata rin sa pagsasalita na nakapag-aral ito. Mukhang hindi siya nito sasaktan.

Nang hindi siya nagsalita, nagpatuloy ito, "Ayoko kayong ilalagay sa kompromiso, Sister. Aalis na lang po ako."

Akmang tatayo ito pero agad niya itong pinigilan. "Sige, sige. Dumito ka muna. Ititikom ko ang bibig ko. Siguraduhin mo lang na aalis ka bukas."

Lumiwanag ang mga mata ng lalaki. Hinawakan nito ang kamay niya at pinisil. "Salamat, Sister. Isa

kayong anghel na hulog ng langit."

Parang kiniliti ang puso ni Lourdes sa papuri nito. Pero agad naman niyang binalewala ang pakiramdam na iyon. Hindi siya anghel. Isa lamang siyang tao. *"Isa kang madre!"* sigaw ng kanyang utak. *"Alagad ka ng Diyos!"*

# 2

“Walang anuman,” sagot ni Lourdes sa papuri ng takas na bilanggo. “Kailangan mong magpalit ng damit. Matutuluyan ka kung matutulog ka nang basa ang suot mo. May mga lumang damit dito galing sa donasyon. Sandali lang. Hahanapin ko.”

Agad niyang natagpuan ang kahon ng mga damit. Matapos ang ilang minuto, bumalik siya sa sulok at iniabot iyon sa binata. “O, may kumot rin diyan.”

“Salamat. Napakabuti n’yo talaga.”

Nginitian niya ang estranghero. “Mauna na ako. Ikaw na ang bahala d’yan.”

Hindi niya talaga maintindihan kung bakit nakikisimpatya siya sa lalaking hindi niya kilala. Kunsabagay, iba ang naaninag niya sa mga mata nito. Maamo at mukhang mabait.

Nang nagpaliwanag ito sa kanya kanina, nakatingin ito sa kanya nang derecho. Mailap ang mga mata ng taong maraming ikinukubling kasalanan. Hindi ganoon ang mahiwagang lalaki.

Isasara na lamang ni Lourdes ang pinto ng bodega nang makarinig siya ng malaking kalabog mula sa kinaroroonan nito. Naglakbay ang puso niya patungo sa kanyang lalamunan. Ano na ang nangyari sa mamang sugatan?

Hindi na siya nagdalawang-isip at bumalik muli sa loob. Itinutok niya ang flashlight sa direksyon nito at nakita niyang tama ang kanyang hinala. Nakahandusay ito sa sahig.

Madali siyang naglakad para tulungan ito. Sa isip niya, pihadong hindi na nito nakayanan ang sakit ng tama nito kaya nawalan ng malay-tao.

Nang marating niya ang kinahihigaan nito, pumuwesto siyang paupo, handa itong alalayan. Ngunit nang masilayan ang anyo nito, siya mismo ay nawalan ng balanse at napasalampak sa sahig. Ang bitbit niyang flashlight ay gumulong nang kaunti papalayo.

Natanggal na ng lalaki ang damit nito. Nakahubad na ito. Hubad na hubad.

Sa buong buhay ni Lourdes, ngayon lang siya nakakita ng ganoon.

Agad siyang tumalikod. *Good Lord, he's beautiful.*

Pinilit niyang alisin sa isip ang makamundong ideya. Dumukwang siya at nagdesisyong gumapang papalapit sa flashlight. Habang nakaluhod sa sahig, nakita niyang nanginginig ang kanyang mga kamay.

Kung hindi pa ito mismo nakita ng dalawang mata niya, hindi siya maniniwala. Oo nga at malamig ang paligid, pero salungat niyon ang nararamdaman niya. Nag-iinit ang buo niyang katawan.

At ang init na iyon ay nagsimula sa kanyang talampakan at gumapang patungo sa anit niya. At ang pinakasentro niyon ay nasa kanyang puson.

Bumuntong-hininga si Lourdes at itinaboy ang makalupang pakiramdam. Kailangan niyang pagtuunan ng pansin ang kaligtasan ng lalaki. Bumalik siya sa tabi nito, handang tumulong.

Sinabi niya sa sarili, hindi na niya ito tititigan sapagkat isa iyong kasalanan. Subalit para itong tukso na umaakit sa kanyang mga mata. May kung anong magneto mayroon ang katawan nito at hindi niya mailihis ang tingin.

Maganda ang pangangatawan ng lalaki. Malapad and dibdib nito at may pagkamaskulado. Mahaba ang mga biyas, na hindi nakapagtataka dahil matangkad ito. At ang tiyan nito ay flat. May

kaunting buhok dito na gumagapang pababa.

Pababa nang pababa at pasukal nang pasukal hanggang makarating sa pinakatakaw-pansing bahagi ng katawan nito.

Nagitla si Lourdes nang may kung anong basang pumatak sa kanyang braso. Noon lang niya namalayan na pinagpapawisan siya. Ilang butil niyon ang namuo sa kanyang noo at ngayon ay dahan-dahang tumutulo sa kanyang pisngi.

Iyon ang pumukaw sa kanyang kahibangan. Agad siya humingi ng patawad sa Diyos. Kinuha niya ang kumot at itinabing iyon sa katawan ng lalaki bago pa lalong magkasala ang kanyang mga mata.

Subalit napansin niyang agad nabasa ng dugo ang kumot. Kumuha siya ng lumang kamiseta at pinagpunit-punit iyon.

Pagkatapos, dinala niya ang pinakamalaking hibla sa labas ng bodega at binasa iyon sa tubig-ulan. Pagkuwan, bumalik siya sa loob at lumuhod siya sa tagiliran ng lalaki. Itinabi niya ang kumot, pero siniguro niyang nanatiling nakataklob ang ibabang-kalahati ng katawan nito.

Pinunasan niya ng basang trapo ang sugat para malinisan iyon. Sumunod, tinapalan niya ng ilang

piraso ng pinunit na kamiseta at mahigpit tinalian ng mahabang piraso ng tela ang ibabaw ng katawan nito, para maampat ang pagdugo.

Pagkatapos, muli niyang ibinalik ang kumot hanggang sa ilalim ng baba ng mama. Kumuha rin siya ng ilan pang kumot mula sa kahon at ipinagpatung-patong iyon upang hindi ito ginawin.

Nang nakasisiguro na siyang okay na ang lalaki, itinutok niya ang flashlight sa mukha nito. Tulog na tulog na ito. Hindi na nito namamalayan ang unos sa labas. Pati na rin ang unos sa loob ng kanyang puso.

Bumuntong-hininga si Lourdes habang inaayos ang mga gamit. Tama nga siya, hindi talaga mukhang kriminal ang lalaki.

At ang mukha nito ang siyang nasa isip niya hanggang makabalik siya sa loob ng kumbento. Tahimik na sana siyang papasok sa loob ng kanyang kuwarto, nang buksan ni Agnes ang katapat na pinto.

"Bakit ngayon ka lang?" bulong nito, sabay hikab.

Natigilan siya. Nasa dulo ng dila niyang sabihin ang lahat, pero naalala niya ang pangako sa lalaki. "A-ah… eh… may naiwan ngang bukas na bintana,"

mahina niyang sagot. “Pero nabasa ang looban kaya pinunasan ko muna. Baka kasi mabasa ang mga ibang karton,” pagsisinungaling niya. Habang sinasabi iyon, humingi siya ng tahimik na paumanhin sa Diyos. Sana huwag siyang tamaan ng kidlat.

Agad namang tinanggap ni Agnes ang kanyang paliwanag. “O, sige na. Matulog na tayo, Des. Goodnight!” anito.

“Goodnight din.”

HINDI NAGING maganda ang kinalabasan ng nalalabi sa gabi ni Lourdes. Hindi siya makatulog. At nang sa wakas ay dalawin siya ng antok, napakababaw niyon dahil binulabog siya ng isang nakakalitong panaginip.

Doon, nakasuot siya ng isang puting kamison at nakatayo sa gitna isang masukal na gubat. Puno ng pangamba ang kanyang dibdib dahil para siyang naliligaw. Sa di-kalayuan, may mga boses na tumatawag sa kanyang pangalan.

Sa kanan niya, naroon ang napakatingkad na liwanag. Nagmumula rin doon ang isang matinis na boses. Sa kanyang kaliwa naman, naroon ang anyo ng mahiwagang lalaki. Nakangiti ito at iniaabot sa

kanya ang mga palad, habang tinatawag ng baritono nitong boses ang pangalan niya.

Kung anong puwersa ang nag-uudyok sa kanyang kunin ang kamay nito. Dahil hindi siya makapagdesisyon, sinapo ni Lourdes ang ulo gamit ang mga kamay at humagulhol. At ang sariling iyak ang siyang gumising sa kanya.

Nagmulat siya ng mga mata at naramdamang basang-basa ng luha ang kanyang unan dahil sa kakaiyak. Agad siyang bumangon nang marinig ang mga kaluskos sa ibaba. Dali-dali siyang nagbihis dahil kailangang mauna siya sa bodega. Sinuot niya ang kanyang kapote dahil tuloy pa rin ang pag-ulan.

Pagbaba niya ng hagdanan, narinig niyang may inuutos si Mother Sabina sa isang nobisyada. Ipinakukuha nito sa bodega ang mga salakot na ginagamit nila tuwing nagpupunta ng bayan.

"Ako na po ang kukuha, Mother," maagap niyang sabi. "Alam ko po kung saan nakalagay ang mga iyon. Suot ko na rin ang aking kapote."

Bago pa makapagsalita ang Madre Superiora, nagmamadali na siyang lumabas ng pinto. Sa bodega, una niyang pinuntahan ang mahiwagang lalaki na nagtatago sa likuran ng lumang aparador.

Suot na nito ang lumang damit na itinabi niya.

“Magandang umaga, Sister,” mahinang bati nito. Mukhang mahinang-mahina pa rin ito pero nagkaroon na ng kulay ang mga pisngi. “Maraming salamat sa tulong n’yo.”

“May lagnat ka pa ba?”

Umiling ito. “Salamat sa pagtapal ng sugat ko.”

Sa sinabi nito, bumalik sa gunita ni Lourdes ang anyo nito kagabi. Hindi niya napigil ang pamumula ng kanyang pisngi. Inilihis niya ang kanyang tingin at tumikhim.

“Ah, eh, nadaplisan ka nga ng bala. Mababaw lang, pero ’wag mong pilitin ang sarili mo kung hindi mo pa kaya. Malakas pa rin ang ulan. Baka mabinat ka pa,” aniya. “Mabuti pang dumito ka muna. Bibihira lang may magpunta rito sa bodega. Lalo na ngayon, karamihan sa amin ay tutulong sa mga binaha sa bayan.”

“Salamat ulit, Sister.”

“O, siya. Babalik na ako sa kumbento dahil kailangan kong dalhin ang mga salakot roon.” Tumalikod siya, pero nagdalawang-isip at hinarap muli ang binata. “Alalahanin mo, magtago ka kung

sakaling may pumasok. Mamaya, susubukan kong magpuslit ng pagkain."

SA LOOB NG KUMBENTO, nadatnan niyang nakahanda na ang mga madre sa pagpunta sa bayan. Ang mga dadalhin ng mga ito ay nakalagay na sa mga kahon at unti-unting isinasakay sa piyera, ang kaisa-isang sasakyan nila.

Ipinamigay ni Lourdes ang mga salakot sa mga kasama.

"Ikaw, hindi ka ba sasama?" tanong ni Agnes.

Umiling siya. Sinimulan niya ang serye ng pekeng pagsinghot at pag-ubo. Lumipad ang tingin niya sa superiora. "Puwede po bang dito na lang ako? Parang sisipunin kasi ako. Tutulong na lang po ako sa kusina."

"Nabasa ka kasi kagabi," komento ni Agnes.

"Sana hindi ka mapulmonya. Nagpakabasa ka na naman ulit ngayon," umiiling-iling na sabi ni Mother Sabina. "Mabuti ngang dumito ka na nga lang, bata ka."

Nang makagayak na ang mga madre, nagpunta si Lourdes sa kusina at dali-daling kumuha ng ilang

pirasong tinapay. Inilagay niya iyon sa bulsa ng kanyang abito. Laking pasalamat niya na walang ibang tao roon.

Nagtimpla rin siya ng kape na inilagay niya sa bote ng *Coke* at tinakpan ng lumang diaryo. Habang ginagawa iyon, mabilis ang tibok ng kanyang puso. Pakiwari niya, isa siyang magnanakaw na natatakot mahuli sa akto.

Nang palabas na siya ng pinto para magtungo sa bodega, narinig niya ang boses ng isang madre. "Sister Des, saan ka pupunta?"

"Nakapulot ako ng patay na daga," pagsisinungaling niya. "Binalot ko ng diaryo at itatapon ko sa labas. Mangangamoy kasi tayo."

"Yuck!" nangingilabot nitong sabi. "Sige, mabuti pa ngang itapon na iyan sa malayo. Tulungan mo na lang ako dito sa kusina mamaya."

MULING BUMALIK sa bodega si Lourdes at ibinigay ang mga hinakot na pagkain sa estranghero. Agad nitong hinigop ang mainit na kape at saka sunud-sunod na isinubo ang mga tinapay. Tama nga ang hinala niyang gutom na gutom ito.

"Sister, napakarami ko nang utang sa inyo," anito sa pagitan ng pagkagat. Nakaupo ito sa sahig at nakasandal sa pader. "Balang araw, babawi ako."

Napangiti si Lourdes. "'Wag mo nang problemahin iyon…" At natigilan siya. Hindi nga pala niya alam ang pangalan nito.

"Martin," saad nito na para bang nabasa ang laman ng isip niya. "Martin Javeloso." Iniabot nito ang kamay sa kanya.

Hindi siya nagdalawang-isip na kunin iyon. Ngunit sa paglalapat ng kanilang mga balat, parang may kuryente na dumaloy sa buo niyang kalamnan. Nagdalawang-isip siya kung babawiin ang kamay. Pero nanaig ang pagiging magalang dahil mukhang hindi naman apektado si Martin na patuloy pa rin sa pagsasalita.

"I'm a victim of injustice, Sister," malungkot nitong sabi. "Para ngang nang-aasar ang tadhana. I had just finished my Law Degree in *UP*. Nagpunta ako dito sa hacienda namin sa paanyaya ng kapatid ko para magbakasyon, bago kumuha ng bar exams. Kaso na-frame-up ako at sa bilangguan ako nauwi."

Hindi siya kumibo kaya nagpatuloy ito, "Ang pinakamasakit, sarili kong kapatid ang trumaydor

sa akin." Itinutop nito ang ulo sa mga palad.

Umusbong ang awa mula sa puso ni Lourdes. Agad siyang lumuhod sa tabi nito at hinimas ang balikat nito bilang sagisag ng pakikisimpatya. Naramdaman niyang kinuha nito ang kaliwa niyang kamay. Para siyang namatanda habang nakapaloob ang mumunti niyang kamay sa malaking kamay nito.

"Salamat talaga, Sister," sabi nito habang pinipisil ang kanyang palad. "No one has showed me such compassion for a very long time." Pagkatapos, bumuntong-hininga ito at ipinagpatuloy ang talambuhay.

"Kuya Mateo framed me para makuha ang lahat ng kayamanan ng Papa't Mama. Kamamatay lang nila noon sa isang aksidente at hinati sa amin ang naiwang mga ari-arian. But I guess Kuya was greedy. He has three kids and he must have felt he deserves more. Masyado rin kasing maluho ang asawa niyang si Kristy."

Pasimple niyang hinatak ang kamay at kunwaring nagkamot ng ulo. "Sinisira talaga ng pera ang magandang pagsasamahan ng mga tao," aniya. "That's why greed is one of the seven deadly sins."

"Mabuti sana kung pagsasamahan lang namin ang sinira nila," mapait nitong sabi. "Kaso pati buhay ko, sinira rin nila. They framed me for rape and murder. 'Yung pinsan ni Kristy, siya ang provincial commander dito kaya naging madali sa kanila i-orchestrate lahat. Tinakot rin nila ang mga kasama sa hacienda para tumestigo laban sa akin."

"Sukdulan ang sama nila," komento ng madre.

Tumangu-tango si Martin. "Gumawa rin sila ng pekeng testamento na nagsasabi na kay Kuya Mateo lang iniwan ng Papa ang lahat. Talagang pinagplanuhan nila iyon para maisahan ako. Ako naman si Gago, napakamapagtiwala."

"What goes around comes around, Martin."

"Karma. I believe in that, too," anito. "Mag-iisang taon na rin ako sa loob ng piitan. And all that time, wala akong ibang maisip kundi ilagay ang lahat sa tama. Kaya ako tumakas para magawa ko 'yon. Don't worry, Sister, vengeance isn't a part of my plan. Ang gusto ko lang, masunod ang huling utos ng Papa at Mama. Ang ibang mga naipundar nila ay hinati-hati sa mga mahihirap naming tauhan. Pero dahil pineke nina Kuya ang testamento, hindi ganoon ang nangyari."

"Nakakalungkot pala talaga ang mga nangyari sa iyo," aniya sa binata. "Bayaan mo't ipagdarasal ko sa Diyos na makamit mo ang justice at maisaayos mo ang lahat."

# 3

Nang bumalik si Lourdes sa kusina, naghahanda na para sa pananghalian ang mga madreng nakatoka roon.

"Saan ka ba galing?" sabi ng kausap niya kanina habang naghihiwa ng kamatis. "Kanina ka pa namin hinihintay."

"Pasensya na," aniya. "Pagkatapon ko sa daga, dumaan ako sa bodega kasi may naiwang bukas na bintana. Nabasa ang loob kaya pinunasan ko muna dahil baka mabasa ang mga gamit."

Paulit-ulit na tinurok ang konsyensya ni Lourdes. Simula kagabi, kung anu-anong mga kasinungalingan ang kanyang hinahabi. At kahit bata ay alam na isang kasalanan ang pagsisinungaling.

*But you're doing it to help someone*, bulong ng kung anong boses sa puso niya. And she took comfort in that. Maiintindihan naman siguro ng langit ang kanyang ginagawa.

Pero habang tumutulong siya sa kusina, hindi pa rin niya maiwaksi ang bigat sa dibdib. Bukod sa pagsisinungaling, binabagabag siya ng kanyang

panaginip. Ibig ba niyong sabihin na hindi na siya sigurado sa pagiging madre?

Litong-lito ang isip ni Lourdes, dahil trese años pa lamang siya, naroon na siya sa kumbento. Doon na rin siya nagtapos ng high school. Sa katunayan, bata pa siya, idinikdik na sa kanyang utak ng mga magulang na siya ay magiging isang alagad ng Diyos.

Bunso siya sa apat na magkakapatid. Nang mabingit sa kamatayan ang buhay ng kanilang ina sa cancer, namanata ang kanyang ama sa Mahal na Birhen. Ipinangakong ipapasok siya sa kumbento pagsapit ng kanyang ikalabintatlong kaarawan.

Nang ipinangako nila iyon, agad gumaling ang kanyang ina sa karamdaman nito. Kaya walang sawa ang mga ito sa pagpapaalala sa kanya ng obligasyon niya kay Hesus.

*"Itinalaga ka ng Diyos para maglingkod sa Kanya,"* paulit-ulit na sinasabi ng ina habang siya ay lumalaki.

Sa mga dulang pampaaralan kung Pasko, ilang beses din siyang gumanap bilang ina ni Hesus. Sa mga prusisyon tuwing Pasko ng Pagkabuhay, siya palagi ang napipili para maging anghel na nakabitin sa puno at nag-aalis ng belo ng Mahal na Birhen.

Kaya naman naging maluwag sa loob niya na pumayag sa kagustuhan ng mga magulang. Maliban ngayon… na nakilala niya si Martin. Parang biglang nagkabali-baligtad ang dating maayos niyang mundo.

Hanggang sa maluto ang pananghalian, iyon ang nasa isip ni Lourdes. At habang naghahain ang ibang madre ng pagkain, palihim na muli niyang dinalhan si Martin ng pagkain. Nakahiga ito pero agad na bumangon nang maulinigan ang kanyang pagdating.

“Mananghalian ka muna,” aniya rito. Inabot niya ang supot kung saan niya itinago ang inumit niyang pagkain.

“Kay buti mo talaga, Sister,” sabi nito. At sinimulan nito ang paglantak sa pagkain. “Diyos na ang bahalang gumanti para sa akin. Wala akong maibibigay sa iyo sa ngayon.”

Hindi niya mawari kung bakit kinilig siya sa sinabi nito. “Hindi naman ako nanghihingi ng kapalit,” nahihiyang sagot niya.

“Hanggang ngayong gabi na lang ako rito, Sister. Baka matiktikan nila na narito ako. At mabuti-buti na rin naman ang pakiramdam ko.”

Bigla siyang nakadama ng lungkot. Wala siyang sinabi. Iniyuko na lamang niya ang ulo.

"Sister, huwag kayong magalit, ah," anang binata. "Nagtataka lang ako kung bakit kayo nagmadre. Ang ganda-ganda n'yo kasi. Puwede nga kayong maging artista."

Nagitla si Lourdes sa sinabi ni Martin. Hindi niya alam ang isasagot kaya minabuti niyang huwag na lang kumibo.

"Matagal na ba kayong madre?" mayamaya ay urirat nito. "Kasi, parang napakabata n'yo pa."

"Sampung taon na rin ako rito," aniya. At ikinuwento niya ang panata ng magulang na nagpasok sa kanya roon.

"Hindi mo pala talaga ginusto." Pabubulaanan sana niya iyon, pero napangunahan siya nitong magsalita. "Masaya ka ba rito?" untag nito. "I mean, sa ginagawa ninyo?"

Matagal bago siya nakatugon. "Alagad ako ng Diyos. Iyon ang itinakdang kapalaran para sa akin."

"You didn't answer my question," turan nito. "Don't you believe that people make their own destiny?"

"Martin, iyong nangyari sa iyo, hindi mo naman ginusto iyon, hindi ba? Ang s'abi mo nga, parang pinaglaruan ka ng tadhana."

Naging seryoso ang mukha nito at mukhang malalim ang iniisip. "Yeah, you're right," kapagkuwan ay sabi nito. "Pero iba ang kaso mo, Sister. Puwede ka pa ring magdesisyon kung ito nga ang gusto mong buhay. Bata ka pa. Puwede ka namang magsilbi sa Panginoon kahit nasa labas ka nitong kumbento. Sa totoo lang, para talagang hindi ka nababagay rito. You might be making a mistake."

Nalukot ang mukha niya sa kaprangkahan nito. "Huwag mong sabihin iyan. Inilaan ko na ang buhay ko sa Kanya. Ikinasal na ako kay Kristo and it's not a mistake."

"Sorry, Sister, kung na-offend kita."

Namula siya. "Sige, maiwan na kita."

"Sorry talaga, Sister," ulit ni Martin. "Wala akong intensyong pahiyain ka o saktan ang damdamin mo. Naging palagay lang kasi agad ang loob ko sa 'yo."

Natigilan si Lourdes sa sinabi ng binata. Hinarap niya ito at litung-litong tiningnan ang mukha nito. She saw a tender smile on his face. He was looking down at her ever so sweetly she felt her heart skip

a beat.

"Kung hindi ka lang madre, liligawan kita," dagdag nito. "Kapag malaya na ako't naayos ko na ang lahat, babalikan kita."

She felt her body agreeing to his proposition. Hindi niya maintindihan ang kakaibang galak sa dibdib. Ngunit alam niyang mali iyon kaya dali-dali siyang tumalikod at humakbang papalayo.

Ngunit sa kanyang paghakbang, nalaglag ang supot na hawak niya na naglalaman ng platong pinaglagyan ng pagkain para kay Martin. Naging maagap naman ang binata sa pagdampot niyon at pag-abot sa kanya. Pero yumuko rin siya kaya halos naging magkadikit ang mga mukha nila.

For a split-second neither one of them moved. And then she felt his hand on the small of her back, guiding her up to stand. "Salamat," nahihiyang bulong niya.

Ngunit bago siya makatalikod, nakita niyang pababa ang bibig nito patungo sa mga labi niya. She opened her lips to protest. But all she succeeded in doing was deepening his access to her mouth. Sa paglapat ng malambot nitong labi, nawaglit ang kanyang lakas at wala siyang ibang nagawa kundi

magpaubaya.

The kiss lasted barely a moment. But Lourdes felt as if it was able to reach into her and touch her very soul. Nang matapos iyon, hindi siya makagalaw dahil sa pagdagsa ng sari-saring emosyon sa kanyang dibdib.

Hinimas ni Martin ang gilid ng kanyang pisngi. “Babalikan kita,” ulit nito. “I promise.”

Wala siyang masabi. Lalo lamang siyang namula sa kahihiyan dahil sa kanyang mga pinaggagagagawa. Conduct unbecoming talaga. Mabilis siyang lumakad palabas ng bodega. Sa may pintuan, hinabol pa rin siya nito.

“Ano nga pala’ng pangalan mo, Sister?” tanong ng lalaki.

Nagdalawang-isip siya kung ibibigay iyon. Pero alam niyang maaaring hindi na sila magkita ng binata kahit nangako pa itong babalik. Promises are made to be broken, after all.

“Sister Lourdes. Lourdes Arcega,” aniya saka tumalikod.

“MISS LOURDES,” tawag ng isang maliit na

boses na nagbalik sa isip niya sa kasalukuyan. “Miss Lourdes!”

Nagulat si Des nang makitang nasa harapan niya si Patricia Miralles. Ni hindi man lang niya namalayan na pumasok ito ng kanyang opisina. “Oh, hello, Patty.”

Umupo ang walong taong gulang na bata sa visitor’s chair sa tapat ng sa kanya at hinimas ang petals ng rosas na ibinigay ni Felix. “Wow! Ang ganda. Bigay po ba ng manliligaw n’yo?”

Natawa si Des sa kaprangkahan nito. Noong bagong dating siya sa foundation, si Patricia lamang ang bata roon na hindi nagsasalita. Palagi itong nasa sulok at walang kibo. Ang sabi ni Teresa Gaupon, ang kanilang pinuno, ganoon na raw talaga ito at walang pag-asa.

Napansin ni Des na puro galis ang balat nito. Binilihan niya ito ng anti-fungal cream at siya mismo ang naglagay niyon sa mga sugat nito, araw-araw. Ginupitan din niya ang nakasambolga nitong buhok.

Unti-unting bumuti ang kondisyon ng balat nito dahil sa ointment. At kaalinsabay niyon ang pag-usbong ng self-confidence ng bata. Ito rin ang siya nagbigay-daan sa kanilang pagkakaibigan.

Noon nito ikinuwento sa kanya ang masalimuot nitong buhay. Lasenggo raw ang ama nito at palaging binubugbog ang ina. Tumakas sila nito patungong Maynila. Pero pagdating doon, sa kalye sila humantong. At ang nanay mismo nito ang nagbugaw sa bata para magkaroon sila ng pera.

Ang sabi pa ni Patty, ang naaalala lang daw nitong naging mabait dito ay ang lolo't lola nito sa probinsya, na matagal nang hindi nito nakikita. Iyon lang daw ang mahal nito. At ngayon, pati siya.

Halos madurog ang puso ni Lourdes nang malaman iyon. But at the same time, she was thankful for having been given a chance to make a difference in her life.

Ngayon, araw-araw niyang ipinagpapasalamat sa Diyos na inirekomenda siya ng kanyang mama sa *Holy Angels Foundation* sa Ermita, Manila. Hindi nito dinamdam ang paglabas niya sa kumbento.

Binagabag siya ng desisyong pagtiwalag sa *Missionaries of Mary* dahil sa mga umuusbong niyang damdamin para kay Martin. Hindi na siya napagkakatulog dahil sa mga nangyari. Pakiwari niya, kay laki ng pagkakasala niya sa Diyos dahil sa mga makamundong damdamin. At napansin iyon ni Mother Sabina.

Ikinuwento niya rito ang lahat ng detalye na namagitan sa kanila ni Martin noong ilang araw na nagtago ito sa bodega. Akala niya, magagalit ang superiora. Pero naging lubos itong maunawain.

*"Hindi kita masisi sa mga damdamin mo, hija,"* sabi nito noon. *"Palibhasa, napakabata mo pa nang mapasok ka rito, kaya hindi mo naranasan ang tinatawag na boy-girl relationship. Hindi natin matutukoy kung pag-ibig nga ang nadarama mo para kay Martin, dahil siya pa lang ang lalaking nakasalamuha mo nang ganyan. Maaaring infatuation lang iyan. Ano't anuman, nasa iyo ang huling pagpapasya. Ang maipapayo ko, magbakasyon ka muna. Umuwi ka sa inyo to think things over."*

Umuwi nga si Lourdes sa kanilang bahay sa Batangas na isang oras ang layo mula sa kumbento. Naging napakasakit ng kanyang pag-alis dahil hindi na siya pinayagan ng superiora na magpaalam sa lahat. Sa ganoon raw, hindi magiging masakit para sa kanilang lahat ang kanyang paglisan.

Ipinagtapat din niya sa mga magulang ang lahat. At nagulat siya na naging tahimik lamang ang reaksyon ng mga ito sa kanyang paglabas sa kumbento. Inasahan niya ang kanilang galit at dismaya.

*"Alam naming somehow, nagkulang din kami sa iyo,"* anang kanyang ina. *"Parang na-brainwash ka namin para maging isang madre. Tama si Mother Sabina na magbakasyon ka nga sa labas para matiyak mo ang sarili mo. At kung anuman ang maging final decision mo ay maiintindihan namin."*

Habang nagbabakasyon sa kanila, wala siyang ibang maisip kundi si Martin. Nasaan na kaya ito? Nadakip kaya uli ito ng mga pulis? Tuluyan na kaya itong nakalaya at nakamit ang hinihintay na katarungan?

Wala siyang nababalitaan sa radyo o telebisyon tungkol rito. Natatakot naman siyang tumawag sa munisipyo ng San Joaquin dahil baka matiktikan nila ang kanyang pagtulong rito at siya naman ang malagay sa alanganin.

Gustuhin man niyang bumalik sa kumbento para hintayin ang pangako nitong pagbabalik, hindi niya magawa. She knew in her heart of hearts na hindi siya nararapat sa loob ng *Missionaries of Mary* dahil sigurado na siyang tinamaan siya kay Martin Javeloso.

Dahil sa kanyang pagkabalisa, isinuhestyon ng mga magulang niyang magtrabaho muna siya. Iminungkahi nilang magturo siya sa paaralan

sa bayan, o dili kaya ay pumasok bilang isang receptionist sa negosyo ng pamilya. Pero hindi niya iyon nagustuhan. Pagkatapos ay naisip ng kanyang ina ang foundation, na siyang nagdala sa kanya sa Maynila.

At dito sa *Holy Angels Foundation* niya natagpuan ang ibang uri ng kaligayahan sa piling ng mga bata. Nagsimula siya bilang case worker na kumukuha ng history ng mga batang lansangang bagong pasok doon. Karamihan sa mga ito ay mga pulubi o ulila na sadyang pinabayaan ng mga magulang at ang iba ay nasadlak pa sa pagiging child prostitutes.

Dahil sa pakikisalamuha ni Lourdes sa mga bata, naging abala siya at hindi masyadong binubulabog ang kanyang isip ng mga alaala ni Martin. Ang pakiramdam niya, sa pamamagitan ng mga batang paslit, mas napalapit ang puso niya sa Diyos.

Pakiwari niya, isa siyang instrumento Nito upang ihanda ang mga bata sa pagkakaroon ng isang higit na maaliwalas na bukas. At para sa kanya, mas mabuti na ang ganoon kaysa nakakulong lamang siya sa kumbento kapiling ng mga kapwa-madre.

Sa labas, aktibong-aktibo siya sa pagtulong para hubugin ang mga bata. Nabigyan rin siya ng pagkakataon ng kumuha ng BA in Social Work sa

pamamagitan ng *Distance Learning Education* ng *Unibersidad ng Pilipinas*. Pagkatapos niya ng kurso, hindi nagtagal ay na-promote siya bilang Head Social Woker.

Maaaring hindi nga niya natagpuan si Martin sa labas, pero natagpuan naman niya ang higit na mas mahalaga—ang kanyang sarili. Kaya nagpapasalamat siya sa naging papel nito sa buhay niya. He was the catalyst of change, which made her realize her real purpose in life. And for that, she would forever be grateful to him.

Kaya ilang buwan matapos niyang mapadpad sa Maynila, gumawa siya ng isang pormal na sulat ng pagbibitiw bilang madre. Personal niya iyong inihatid sa tanggapan ni Mother Sabina.

Muling lumangkap sa kanyang puso ang lungkot nang mapasok siyang muli sa bakuran ng dating tahanan. At doon niya higit na napagtantong hindi na talaga siya nararapat manatili pa roon.

Naging maligaya siya noon sa daigdig nilang iyon, subalit mas higit siyang maligaya ngayon sa bagong daigdig na ginagalawan, kapiling ang mga batang lansangan. Lumuluha siya nang tuluyang magpaalam sa mga kasamahan sa kumbento. Pero kailangan niyang ipinid ang mahalagang kabanatang

iyon ng kanyang buhay.

Closing that door opened up her heart freely. Hindi kasi niya maialis sa puso ang maliit na butil ng pag-asa, na sana ay muling magkrus ang kanilang landas ni Martin Javeloso. Na sana ay bigyan sila ng pagkakataon ng Diyos na dugtungan ang kabanatang iyon na nasimulan nila sa loob ng kumbento.

Kung kailan at saan, iyon ang hindi niya alam. She could only hope that someday, somewhere… hopefully soon, they would meet again.

"Ang bait talaga ng manliligaw mo," muling sabi ni Patty, na humuli sa kanyang naglalakbay na diwa.

"Hindi manliligaw. Kaibigan lang," giit niya. "Sige, ilagay mo na lang 'yan sa chapel para matuwa ang lahat."

Kinuha nito ang mga bulaklak. "Sige po."

Masayang lumabas ng kanyang opisina si Patty. Ngunit wala pang isang iglap, humahangos na ito pabalik roon. "Nakalimutan ko po pa lang sabihin, pinapatawag pala kayo sa opisina ni Miss Gaupon. Importante daw po."

"Ikaw talagang bata ka," matawa-tawang sabi ni Lourdes habang tumatayo, "kay bata mo pa, ulyanin

ka na."

"Nawili kasi ako sa pagtingin sa magagandang bulaklak," anito.

Sabay silang naglakad ni Patty dahil ang munting chapel ay lampas nang kaunti sa opisina ni Miss Gaupon. Pagpasok niya sa loob, ang nakasimangot na mukha ng matandang dalaga ang bumulaga sa kanya.

And it really surprised her because Miss Teresa Gaupon was perpetually smiling. Ano kaya ang problema nito? It did not take her long to find out the answer.

"Pinapaalis na tayo rito," kabado nitong pahayag.

"Hindi ko po kayo maintindihan," litong sabi niya.

"Pinapaalis na tayo rito sa building na ito," ulit ng matanda. "Basahin mo ito."

Iniabot nito ang isang sulat. Isinasaad niyon na pinaalis na sila sa building dahil gigibain na raw iyon at kailangan na ng may-ari ang loteng kinatitirikan. Patatayuan umano ito ng isang high-rise condominium.

Tiningnan ni Des ang pangalang nakalagda sa

sulat: Kristina Limjoco-Javeloso. Nawaglit lahat ng hangin sa kanyang baga. Kaalinsabay niyon ang panginginig ng kanyang kamay. Kinabahan siya. Kilalang-kilala niya ang apelyidong iyon. And it was not a very common name.

Kinapa niya ang memorya kung saang konteksto niya ito narinig. *"But I guess Kuya was greedy. Masyado ring maluho ang asawa niyang si Kristy,"* sabi noon ni Martin.

Si Kristy at ang Kristina sa sulat ay iisa. Hindi siya maaaring magkamali. Ito ang babaeng sumira sa buhay ni Martin.

# 4

Humugot ng hangin si Lourdes para pakalmahin ang sarili. Subalit hindi siya naging matagumpay. It was almost physically painful for her to breathe. Hindi niya mapanatag ang mabilis na pagkabog ng kanyang puso. Halos marinig niya ang dagundong sa kanyang tainga.

"Ano ang gagawin natin?" tanong ni Miss Gaupon, who was completely unaware of her inner turmoil. "Kawawa naman ang mga bata."

Lourdes knew the old lady was just voicing out her frustration dahil hindi rin niya alam ang gagawin. Ito ang pangalawang pagkakataong niyanig ng isang Javeloso ang tahimik niyang buhay.

Muli niyang tiningnan ang nakalagda sa sulat at bumukal ang asido sa kanyang tiyan dahil sa tensyon. She could still clearly remember the last time she felt like this—a nervous kind of hopelessness. Iyon ang gabing dumating ang mga pulis sa kumbento at hinahanap si Martin…

*Lumatag ang dilim at ang mga madreng galing sa bayan na tumulong sa mga binaha ay nakabalik*

*na. Ganap nang huminto ang ulan, subalit binulabog naman sila ng sunud-sunod at malalakas na katok sa pintuan. Mga pulis ang may gawa niyon.*

*Nasa likuran ng madre superiora si Lourdes nang makipag-usap ito sa mga may kapangyarihan.*

*"May hinahanap po kaming takas na bilanggo, Mother Sabina," anang commander na dati na nilang kakilala. "Kung saan-saan na kami naghanap, pero para siyang daga na hindi namin matunton. Naisip kong baka dito sa kumbento n'yo nagtago."*

*Kinabahan si Lourdes sa narinig. Bumilis ang pintig ng kanyang puso at nangasim ang sikmura. Gusto sana niyang makisabat sa usapan pero pinigilan niya ang sarili. Baka mas lalo lang mapahamak si Martin.*

*"Wala naman pong gumambala sa amin dito," sagot ng matandang madre. "Kung mayroon man, tiyak na ire-report sa akin ng mga kasamahan ko."*

*Sa sinabing iyon ng superiora, parang inusig ng kanyang konsyensya si Lourdes.*

*"Baka po nagtatago lang sa paligid-ligid ng kumbento," giit ng awtoridad. "Hindi kaya nasa bodega n'yo?"*

*Her guilt was suddenly replaced by fear. Lalong kinalabog ng matinding kaba ang dibdib ni Sister Lourdes. Kapag nagpunta roon ang mga pulis, tiyak na makikita nila si Martin. Some higher power compelled her to speak up.*

*"Galing po ako sa bodega para kunin ang mga salakot, pero wala naman pong tao roon," singit niya. She struggled to make her voice normal and calm.*

*"Baka hindi mo lamang napansin," turan nito. "Mabuti nang makasiguro kami. Wala naman mawawala kung tingnan namin ang paligid."*

*Si Mother Sabina na mismo ang sumama sa mga pulis patungong bodega. Naiwan siyang parang tuod na nakapako sa may pintuan. Hinintay na lamang niya ang mga putok ng baril o anumang pagkakagulo na resulta ng pagkadiskubre nila sa binata.*

*Subalit pagkaraan ng ilang sandali, bumalik ang mga pulis. Walang nakitang sinuman ang mga ito roon.*

*"Sige po, Sister," sabi ng commander. "Marami pong salamat. Sorry kung nagambala namin kayo. Pero sinisiguro lang namin ang inyong kaligtasan."*

*"Maraming salamat din sa pag-aalala ninyo," anang matandang madre. "Sa oras na may mamataan*

*kami, hindi kami magdadalawang-isip na tumawag sa inyo."*

*Hindi makapaniwala si Lourdes sa mga pangyayari. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Ligtas si Martin. Marahil ay nagtago ito sa likuran ng aparador gaya ng kanyang bilin.*

*Nang makalingat ang mga kasamahan, palihim siyang nagtungo sa bodega. Hinanap niya si Martin sa bawat sulok niyon, pero wala nga ito. Ni anino o bakas nito, tulad ng unipormeng pambilanggo ay wala na.*

*Sinaklot ng matinding lungkot ang puso ni Lourdes. Hindi niya napigilan ang pagsungaw ng luha sa mga mata. Hindi niya namalayan, tumaas ang isa niyang palad at sinalat ang labi, na inangkin ni Martin kanina. Wala na nga ito at ang naiwan na lamang ay ang gunita ng halik na iyon.*

"Kawawa naman talaga ang mga bata," malungkot na malungkot na sabi ni Miss Gaupon na siyang nagbalik kay Lourdes sa kasalukuyan. Napansin niyang nangingilid ang luha sa mga mata ng matandang babae.

Siya man ay mangiyak-ngiyak na rin. But crying would not do anything to help them, kaya pinigilan

niya ang pagbagsak ng luha.

“Huwag kayong mag-alala,” pang-aalo ni Lourdes. “Iisip tayo ng paraan. Makiusap muna tayo sa may-ari na kung hindi niya magawang pagbigyan tayong manatili rito, at least ay bigyan tayo ng palugit para makahanap muna tayo ng malilipatan.”

LUMIPAS ANG dalawang araw. Iyon ang araw na natakda ang pulong nila sa mga may-ari. Naging napakabagal ng pag-usad niyon para kay Lourdes. Natatakot man siyang makilala nang personal si Kristina Javeloso, hindi rin niya maalis sa diwa ang pagnanais na masilayan ang babae. Umaasa siyang may alam ito tungkol kay Martin.

Sa kabilang banda, batid din niyang isang kabaliwan ang banggitin ang pangalan ni Martin sa babaeng ito. But she was desperate to find out any information about him so she was willing to take the risk.

Pagpasok niya sa kanilang conference room, nakaupo na sa tapat ni Miss Gaupon ang isang babae at isang lalaki.

“Pasensya na po at medyo nahuli ako,” paumanhin niya. “May away po kasi sa mess hall.”

Nakita niyang inirolyo ni Kristy ang mga mata pero binale-wala niya iyon. Naupo siya sa silyang katabi ni Miss Gaupon.

Ipinakilala siya nito sa dalawa. Ang lalaking kasama ni Kristina ay walang iba kundi si Mateo, ang kapatid ni Martin na nabanggit din nito sa kanya. Ang buong akala niya, abogado ang kasama ng sosyalerang babae. Kulubot na kasi ang mukha nito, payat at nagkalat ang uban sa buhok. He looked nothing like Martin.

At ayaw man niyang basta manghusga, hindi niya mapigilan ang pakiramdam na mukhang hindi nga talaga gagawa ng mabuti ang mag-asawang kaharap nila. Halos masilaw siya sa dami ng alahas ng mga ito sa katawan. Para talagang gusto nilang ipangalandakan ang yaman sa buong madla.

Nagpakilala si Lourdes bilang isa sa mga naglilingkod sa foundation. Naisip niyang ungkatin ang tungkol kay Martin pero kinagat niya ang dila. Subalit parang nagkaroon iyon ng sariling buhay at naririnig na lamang niya ang sarili na sinasabing, “Kaanu-ano n’yo po si Martin Javeloso?”

Nakita niya ang pagkagulat ng mag-asawa.

“Bakit mo siya kilala?” sabi ni Kristy.

Hindi siya agad nakasagot. “Ah, eh, nagkasama po kami sa isang project noong araw,” pagsisinungaling niya. “Taga-San Cristobal, Batangas po kasi ako.”

Hindi umimik ang mag-asawa kaya nagpatuloy siya. “Totoo po ba ’yung nabalitaan kong… ’yung ano po… nabalitaan ko po kasing nabilanggo raw siya?”

“Oo,” matigas na sagot ni Mateo. “Isa siyang kriminal.”

*Hindi iyan totoo!* sigaw ng isip niya.

“Pero nakalaya na ang animal na ’yon,” sabad ng nanggagalaiting si Kristina. “Tumakas siya at may mga nakumbinsing tao na tumestigo para sa kanya sa isang bagong paglilitis. He cheated the law. There really is no justice in this country.”

Hindi na kumibo si Lourdes. Pero sa dibdib niya, nakadama siya ng kaligayahan sa kaalamang malaya na pala si Martin. Totoo nga ang sinabi nito noon na na-set-up lamang ito. And she was pleased at herself for reading his intentions right and fully trusting him.

Muling pumasok sa kanyang isip ang imahe nitong nakahandusay noon sa bodega. Muli, kinapa niya ang labing nakintalan nito ng halik. Subalit

bigla siyang parang nagising sa kanyang pangarap nang marinig ang pagpasok sa conference room ng abogado ng mag-asawang Javeloso, kasama si Atty. Nebrao, ang nagtatag ng foundation.

Bukod sa kanila ni Miss Gaupon, dumalo rin doon ang iba pang board members. "Simulan na natin ang meeting," sabi ni Atty. Nebrao na tumayong spokesperson nila.

"We are imploring the goodness of your hearts to give us time to find a new place. Kahit mga six months po lamang," samo nito. "Gusto naming hanapan ng tiyak na malilipatan ang mga batang nasa pangangalaga namin."

"Sorry, pero hindi namin kayo mapagbibigyan," matigas na sabi ni Kristina. "Ang lote ay nabili na ng mga Japanese investors."

Sa puntong iyon, parang gustong sabunutan ni Lourdes ang babae. Sobra talaga ang pagkasakim nito! Walang konsiderasyon at hindi man lamang nahahabag kahit kaunti sa mga batang walang kalaban-laban! Subalit wala siyang magawa kundi magtimpi at tahimik na makinig.

"Then I'm afraid we have no recourse but to take this matter to court," matatag na pahayag ni

Atty. Nebrao. "I have a letter here from Mr. Isidro Javeloso, your late father, granting us permission to stay here for free for ten years. Nakanotaryo ito at katunayang may pahintulot kami."

"My father has long been dead," sagot ni Mateo. "Wala na iyang bisa."

"It's up to the court to decide that, Mr. Javeloso," sagot ni Atty. Nebrao. "They will decide whether the sentiments expressed in the letter are binding or not."

"Well then, we have nothing to discuss here," maanghang na turan ni Kristina. "Let's go!" Agad itong tumayo. Sa puwersa niyon ay natumba sa sahig ang silya nito. Padabog itong lumabas ng silid. Ang heels ng sapatos nito ay parang nagmamartilyo ng sahig. Kabuntot nito ang asawa at abogado.

Ninenerbyos na ipinaraan ni Miss Gaupon ang kamay sa buhok. "Well, that didn't go well. How sad."

Tumangu-tango si Atty. Nebrao. "I was hoping we didn't have to go to court."

"May ilalaban po ba tayo, Sir?" tanong ni Lourdes.

Hindi sumagot ang matandang lalaki. And the defeated look on his face told Lourdes everything that she needed to know. Nanikip ang kanyang dibdib. Kawawa naman ang kanilang mga alaga kung mawawalan ng tahanan.

Kailangang simulan na niya ang pagno-novena. Naniniwala siyang kapag nasa likuran nila ang Diyos, hindi sila puwedeng madehado. Kahit wala na siya sa kumbento, naniniwala pa rin siya na posible pa rin ang mga himala.

NAGHARAP ANG FOUNDATION ng formal claim sa husgado at itinakda ang unang hearing. Habang nililitis ang kaso, binigyan sila ng permiso ng korte na manatili sa building.

Sa nangyari, napatunayan ni Des na sukdulan talaga ang kasamaan ng mag-asawang Javeloso. At totoo rin ang sinasabi noon ni Martin na mabait at matulungin ang ama nito sa mga mahihirap.

Mula rin nang malaman niyang nakalaya na ang binata, hindi mapanatag ang kanyang kalooban. Hindi siya mapagkatulog dahil palaging nagsasalimbayan sa kanyang utak ang maraming katanungan. Nasaan na kaya si Martin ngayon? Ano

ang pinagkakaabalahan nito? Binalikan ba siya nito sa kumbento gaya ng ipinangako nito?

A part of her wanted to call Mother Sabina to inquire. Pero natatakot din siyang malaman ang kasagutan. Paano kung hindi naman pala siya binalikan ng lalaki at all? Noong magbitiw siya nang personal sa kumbento, na halos pitong buwan mula nang huli nilang pagkikita ni Martin, walang anumang binanggit ang superiora.

Simula nang malaman niyang napawalang-sala ang binata, lalo lamang umigting ang pagnanais niyang makita itong muli. Gusto niyang malaman kung ano na ba ang nangyari rito sapul nang ito ay makilala niya noong gabing nagsusungit ang panahon sa kumbento.

SA ARAW ng hearing, ayaw sanang sumama ni Lourdes dahil wala naman siyang kinalaman doon ngunit nagpumilit si Atty. Nebrao.

Nang magsimula ang hearing, parang hindi mapakali ang dalaga. Pakiwari niya, parang may mangyayaring kung ano na hindi naman niya matukoy o maipaliwanag kung ano.

Sa background, nagtatalo ang mga abogado

ng mga Javeloso at ng foundation sa harap ng hukom kung tatanggapin ang ebidensya sa korte na inihaharap ng bawat panig. Mainit ang kanilang diskusyunan at pawang nagtataasan ang mga boses.

Ipinukpok ng hukom ang kanyang munting martilyo. "Order, order in the court!"

Nanahimik ang lahat. Walang mauulinigang ingay bukod sa huni ng malaking aircon unit sa isang panig ng dingding. Magsasalita sana muli ang hukom nang marinig nila ang lumalangitngit na double doors sa entrada ng hukuman. May nagbukas niyon. At mula roon, lumutang ang isang baritonong tinig, "Excuse me, your honor…"

Bigla ang paggapang ng kilabot sa buong katawan ni Lourdes. Hindi pa man siya lumilingon, kilala na niya kung sino ang nagsalita. Hindi siya maaaring magkamali dahil ang tinig na iyon ang laging laman ng kanyang panaginip. Kilalang-kilala niya iyon.

Dahan-dahan siyang lumingon para tuntunin ang pinanggagalingan ng boses. Matangkad, mestisuhin at makisig ang lalaking nakatindig sa likuran at itinataas ang isang kamay para kilalanin ng hukom.

Naka-amerikana ito. Hindi na mahaba ang buhok at wala nang balbas. Ganoon pa man, nakakatiyak siya. Ang lalaki ay walang iba kundi si Martin, ang takas na bilanggo!